**Abstract**

"God of the Goats" (Ang Dios ng mga Kambing) revolves around the story of a boy who desires to learn the craft of killing goats by having them drink a bottle of vinegar. It is a seemingly bleak narrative about the boy's transition to manhood told in a non-romantic way.

**Keywords**

Panitikang rehiyonal (regional literature), maikling kuwento (short story), piksyon (fiction), kuwentong isla (island story), panitikang Bikol (Bikol literature)

**English title**

God of the Goats

# ANG DIOS NG MGA KAMBING

**NAPOLEON ARCILLA**

DUMATING SI MANOY sa isla ng Katanhawan noong gabing bago ang buwan at ang dagat ay parang namumudmod ng isda para sa lahat. Anak siya ng isang pastor na mula pa sa malayong isla ng Dinagat na piniling manirahan sa isla kung saan kami, mga dalawampung pamilya, ang naninirahan na rito. Sampung taon nang pabalik-pabalik ang Pastor upang ipakilala ang salita ng Dios. At kami nga ang isa sa mga unang pamilya na tumanggap sa ipinakilala niyang pananampalataya. Isa kami sa mga unang bumuo ng kongregasyon. Bawat pamilya sa amin ay may sari-sarili nang mga alagang kambing noon. Isang angkan ng neytib na kambing na pinagkikitaan sa mga panahong ang mga bangkang pangisda ay nagpapalaot lamang upang durugin ng mga alon. Dalawang mukha ng hanapbuhay: pagpapalaot at pagpapastol. Ito ang pamanahong barya sa islang ang pamumuhay ay idinidikta ng dagat.

At nang gabing iyon na kasama nga ng Pastor ang kanyang anak na si Manoy, may bitbit siyang tatlong kambing na matataba na ang mga sungay at bayag at makakapal na rin ang balbas. Sa laki ng mga bagong

saltang kambing, nagmukhang bubot na mga anak maging ang mga tatay na kambing na alaga namin. Kung tama nga ang pagkakatanda ko, sinalubong din ng mga kambing sampu ng dalawampung pamilyang residente ng isla ang pagdating ng dalawa.

Iyon ang araw na natikman ko ang pinakamalaking tinapay na binili pa raw sa pinakamalapit na Lungsod ng Naga, na sa pagkakaalam ko ay isang araw ang biyahe mula sa isla kung maganda ang panahon. Mas malaki pa ang tinapay kaysa mga pinagtabing kamao ko. May lebadura raw ang tinapay kaya hindi katulad ng mga tinapay na nabibili sa isla na kasingkunat ng tapang kalabaw. At kasinglasa ng mga pinilas na papel na ipinamigay ng mga Amerikanong misyonaryong una nang pumasyal sa isla. Bukod sa tinapay, dala rin ng mag-ama ang mga kagamitan sa pangingisda tulad ng Briggs & Stratton na makina at mga lambat na gawa sa magaan at malambot na materyal hindi tulad ng mga alpakang lambat na napakabigat tuwing sinasampa na sa bangka sapagkat isinuot na ng tubig-dagat.

Nagkaroon ng piging nang gabing iyon sa isla. Bumuo kami ng malaking bilog at nagsunog ng mga sanga ng asana at sungay ng kalabaw sa gitna upang makalikha ng pulang-pula at malaking apoy. Tumugtog ng gitara ang pastor at narinig ko sa unang pagkakataon ang boses ni Manoy. Tila boses na nagmumula sa isang anghel. Sa pagtama ng liwanag sa kanyang mukha, tila ako nakatitig sa mukha ng mga santo at Santo Niño na hinahaplos ko sa tuwing dumarayo kami sa simbahan ni San Andres sa Calolbon. Tila ako nakatitig sa isang Dios na may pisnging perpekto ang pagkakalilok at pagkakakinis na tila gawa ng pinakamahusay na tagagawa ng muwebles at bangka sa banwa. Napakakinis ng mukha ni Manoy na tila kahit ang pinakamatalim na kutsilyo ay mahihiya itong sugatan. Mukhang hindi na tao.

Bagama't sa panahong iyon, ipinagbabawal na sa aming bagong pananampalataya ang pagkilala sa mga santo at santa ng aming lumang paniniwala, tiningnan ko siya na tila nakakita ako ng rebultong nabuhay mula sa pagkakahimpil sa loob ng napakahabang panahon.

Habang naririnig ko ang boses ni Manoy, nag-umpisang tubuan ako ng inggit. Naghahagikgikan ang mga kaedaran naming dalagitang kapwa ko taga-Katanhawan. Sampu sa mga ito ang nakipagtalik kay Manoy sa mga sumunod na taon. Sabayan o salitan. Hindi ko na matandaan ang tugtog ng gabing iyon. Pero malinaw ang makinis na mukha ni Manoy, na habang kinakanta ang mga banal na salita ng Dios ay naliliwanagan ng apoy mula sa nagbabagang sanga at natutunaw na mga sungay na may amoy na isinawalang bahala na lamang namin.

Kinabukasan, ginising ako ni Papay bago pa man tumilaok ang aming tandang. Inaantok man, agad akong nagmumog, naghilamos, at hinayaan siyang akayin ako patungo sa mataas na bahagi ng isla kung saan ikinulong ang tatlong bagong saltang kambing. Singlaki na lamang ng kahon ng posporo ang aming mga bahay nang dumating kami sa pagdarausan. Labindalawa kaming mga binatilyo na tinawag. Si Orteng ang pinakabata, dose anyos. Si Kulaw ang pinakamatanda, disiotso. Doon ko rin lamang napansin na may mga nakataling kambing sa mga ugat ng baliteng ang mga ugat ay kasasakop pa lamang sa itim na punong mapilig na kilala sa katigasan na maging ang mga tigas-kamagong pakong binibili sa mga banwa ay napapupurol.

Matapos ang maikling panalangin na pinangunahan ni Manoy, iniabot sa amin ang mga kambing. At isinunod ang mga bote ng sukang nasa gitna na ng pagkaasim dahil sa nakalutang nang mga kuntad. Kaliwang kamay sa tali, kanang kamay sa bote.

Sa gitna, naroon ang pastor at si Manoy, na tulad namin, ay may hawak ding leeg at bote ng suka. Sa likod naming labindalawa ay ang aming mga ama o nakatatandang kapatid na tulad namin ay nag-aabang sa nakatakdang pagpatay namin sa mga pobreng hayop.

Doon ko nakita ang gilas ni Manoy sa pakikipag-usap sa kambing. Tulad ng paghimas sa ulo ng alaga kong aso sa tuwing nakagagawa ito ng mabuti, hinimas-himas ni Manoy ang ulo ng kambing pati ang naglalakihang sungay nito na bumabaluktot na sa kahabaan. Pumipikit-pikit ang kambing, umikot nang bahagya bago iniabot ang sariling ulo kay Manoy. Habang hinihimas pa, dahan-dahang isinubo ni Manoy ang bote ng suka sa bibig ng hayop. Tuloy-tuloy hanggang sa tila dumiin na ang bigat ng kambing sa sumasapong mga kamay at tuhod ni Manoy.

Sa tantiya ko ay kaedaran ko si Manoy. Ngunit sa ganoong gulang, hindi ko kayang paamuhin ang kambing na iyong di hamak na mas malaki sa aming mga alaga, nang ganoon lamang kabilis. Ngunit dahil kami na ang kasunod, ginaya naming labindalawa ang pakikipag-usap ni Manoy.

Sinubukang tumakbo ng karamihan sa kambing na natoka sa aming labindalawa. Sinikap ipitin ng bubot ko pang mga hita ang kambing ko kahit patuloy ito sa pagpupumiglas na tila nauunawaan na ang kanilang kahihinatnan. Isinubo ko ang bote ng suka sa kambing kahit nagpigil itong hindi ibuka ang bibig. Naging harang ang malalaki at mapuputing ngipin nito. Tila nakangiti at kinakantiyawan ang kakayahan o kawalan ko ng kakayahang painumin siya ng suka. Sinakal ko ang kambing gamit ang mga kamay na wala pa sa ganap na pagkakalyo ang mga kalyo. Sinakal

ko ang kambing hanggang sa kapusin siya ng paghinga. Hanggang sa ibinuka niya ang bibig at napilitang inumin ang suka. Sinubukan pa ring magpumiglas ng kambing. Idinin ko ito sa kanyang bunganga hanggang sa tila kalahati na ng bote ang naipasak ko rito. Doon na namuti ang mga mata ng kambing kaya agad kong hinila ang bote kahit hindi pa naubos ang laman. Napatayo ako habang tinitingnan ang mga kasama kong karamihan ay nasa gitna pa ng pagpapainom. Si Orteng, ang pinakabata, ang naghahabol ng kambing na tuluyan nang nakawala. Tinulungan na lamang siya ng kanyang amang mahuli ang kanilang kambing na hindi na alam kung saan tutungo. Si Kulaw naman ang isa sa mga kinayang painumin ang kambing alinsunod sa paraang itinuro ni Manoy.

Habang naglalaway ang kambing na pinatay ko, tiningnan ko ang kambing na pinakiusapan ni Manoy. Parang natutulog lamang. Lalapitan ko sana sila upang tingnan kung may bakas man lamang ng paglaban ang hayop nang biglang tumayo ang kambing ko. At dire-diretsong tumakbo tulad ng mga nauna. Hinabol ko ang hayop. Hinabol nang hinabol hanggang sa tumalon sa mga ibabaw ng mga tumbang asana at talisay. Naghabulan kami sa suba na ang tubig ay hindi na makalabas dahil sa biglaang pagtaas ng tubig-dagat. At ang lupa ay lalong bumibigat sa bawat pagtapak ko. Amoy-burak. Naghabulan kami sa pagi-pagitan at loob mismo ng mga kural ng mga patabaing baboy. Sa mga kulungan ng itik. At tila bunsod ng pagod at kalituhan ay nakarating ang kambing sa dating kulungan. Nakipagtitigan ang kambing sa akin bago ito hambalusin na lamang sa ulo ni Manoy na sumunod pala sa amin.

TATLONG BUWAN NA ang lumubog at tatlong binatilyo na lamang kaming natira sa pagsasanay sa pagpapainom ng kambing ngunit hindi ko pa rin makuha ang timpla kung papano mapatay ang hayop. Ikaapat na subok ko na noon. At hindi na ako sinamahan ni Papay. Samantalang ang ilan kong kasabayan ay nabigyan na ng Pastor ng mag-asawang kambing na pararamihin at pagkukunan ng mga balbas at karneng ibebenta, isa pa rin ako sa tatlong inaaral pa ang wastong pagpapainom. Kailangan akong magkaroon ng kakayahan sa pagpapainom ng kambing. Katumbas nito ang dalawang kambing na ibibigay sa aming pamilya na mapagkukunan na tutustos sa aming pangangailangan. Pagod na ako sa dagat na ilang taon ko na ring binaka at ang pagpapastol na lamang ng kambing ang aking hinahangad. Larawan ito ng nakaririwasang buhay para sa akin. At hangal mang

isipin, ang pag-aalaga ng kambing ang magiging paraan ko upang magkaroon ng kongkretong bahay. Ngunit ang pagiging palpak ko sa pagpapainom ang naging hadlang sa dapat sana ay ikagiginhawa namin. Kaya, sa takot na matira at mapahiya, pinuntahan ko si Manoy sa kanilang bahay. Upang makiusap. Upang malaman kung paano dapat ako makiusap. Kung paano siya nakikiusap sa mga kambing na tila sa loob lamang ng segundo ng paghihimas ay ibinibigay na ang sarili na hindi man lang nagpupumiglas.

Inabutan ko si Manoy na nakikipaghalikan sa isa sa mga dalaga ng isla. Isa siya sa mga babaeng pinagnanasahan ng karamihan ng mga kaedaran ko. Babalik na sana ko ng bahay kung hindi niya lang ako tinawag. Iniwanan siya ng halik ng babae bago ito tuluyang umalis. Ako nama'y inalok niya ng maiinom na tsaang mula pa raw sa mga kapatid namin sa pananampalataya sa malayong isla ng Dumagat. Agad kong sinabi ang pakay ko kay Manoy sa pagitan ng mga paghigop ng tsaang di ko matukoy ang lasang nasa pagitan ng sobrang tamis at pakla. Tinitigan niya ako nang ilang minuto bago siya nagkuwento ng mga karanasan sa pagpapainom. Na tulad ko, hindi niya makuha ang tamang timpla na ikamamatay ng kambing. Ikinuwento niyang lagpas sa bilang ng mga daliri niya sa mga kamay at paa ang mga kambing na kailangang dumaan sa paghambalos ng ulo at paggilit ng leeg bago niya natutuhan ang paraan. Sinabi niyang sa isla na pinagmulan nila ng kanilang pastor, kailangan niyang lumuhod sa mga nakatatandang mga pastor ng kongregasyon sa mahabang panahon upang matutuhan ang dapat matutuhan. Sinabi niyang taliwas sa paniniwala namin, hindi niya madaling natutuhan ang pagpapainom. Kaya, nagkapaltos siya sa mga tuhod kababalik at kaluluhod sa mga pastor. At imbes na bigyan niya ako ng sagot ng oras na iyon, tinanong niya ako kung anong magagawa ko upang matutuhan ang kaalaman sa pagpapainom.

"Ano ba ang kailangan kong gawin upang ituro mo ang paraan?" tanong ko kay Manoy.

"Lumuhod ka ng labindalawang beses," sagot niya.

Kaya linuhuran ko siya ng labindalawang beses upang malaman ang sagot. Pagkatapos ng ikalabindalawang luhod, ibinulong ni Manoy sa akin ang kailangang ibulong sa hayop upang ganap na isuko nito ang sarili at sumunod sa mga ipagagawa ng mayhawak ng leeg.

*Anibeno sal Alohim. Teit lea at chayka.*

Isinaulo ko ang bulong. Paulit-ulit ko itong binubulong bago matulog, habang nagkakasilyas, bago at pagkatapos kumain.

*Anibeno sal Alohim. Teit lea at chayka.*

Habang naghahayuma ng lambat, nagsasagwan.

*Anibeno sal Alohim. Teit lea at chayka.*

Habang nagsasalsal sa gitna ng lawod at iniisip ang mga mukha ng babaeng dumadalaw kay Manoy sa panahong iyon.

*Anibeno sal Alohim. Teit lea at chayka.*

Isinaulo ko sa pagitan ng mga isinasaulong dasal na itinuturo ng Pastor at sa pagitan ng mga pagpupuri sa Dios.

*Anibeno sal Alohim. Teit lea at chayka.*

Sa araw na muling sinubukan namin ang pagpapainom, hinimas ko ang leeg ng kambing. Ang malagong balbas. Ang mga sungay na tila nagmamadaling lumaki. Bago ibinulong ang mga sagradong salita.

*Anibeno sal Alohim. Teit lea at chayka.*

Nagpumiglas pa rin ang hayop. Tumanggi sa isinusubo kong bote ng suka. At tulad ng mga nauna, kumaripas ito ng takbo nang magkaroon ng pagkakataon. At tulad din ng mga nauna, natapos ang takbuhan sa pag-uwi nito sa dating kulungan. At tulad din ng mga nauna, hinampas ng sanga ng asana ang kanyang ulo. Ngunit, hindi tulad ng mga nauna, ako na ang humambalos sa kambing. Hanggang sa maghalo ang utak, bungo, mukha nito.

Bitbit ang sanga, binalikan ko si Manoy upang itulad ang kanyang mukha sa tinigbak na kambing. Dinatnan ko ang dalawang kasabayan na binabati na ng mga ama nila. Hindi ko matagpuan si Papay hanggang sa humarang na lamang ito nang tangkain kong hambalusin ang ulo ni Manoy.

KASINGLAGO NA ANG balbas ko ng mga balbas ng mga kambing nang ilabas ako sa kulungan ng mga kambing. Sa mga nakaraang linggo, bumagsak ang katawan ko. Mga pagkaing ipinupuslit lamang ni Orteng at ng ama ko ang naging nutrisyon ko. Sa mga pagkakataong hindi napakikiusapan ang mga tagasunod na nagbabantay sa akin, kumain ako ng mga damo. Kung tumagal-tagal pa siguro, malamang ay ginawa na akong panghimagas ng mga kapwa ko nakakulong na kambing. At baka, kaya ko na silang unawain. At marahil, mapakikiusapan ko na silang tanggapin ang sukang ipaiinom ko sa kanila.

Pagkauwi ko sa bahay, saka ko pa lamang nalaman na kinuha si Mamay at ang dalawa kong kapatid na babae bilang kabayaran sa pagtatangka kong pananakit kay Manoy. Hindi na raw nakipag-usap pa si Papay dahil ito ang kaloob ng Dios, ng Supremo ng kalibutan. Ng Ama sa Langit. Ang

turo ng kongregasyon ay hindi nagkakamali. Hindi nagkakamali ang Dios. At dahil ang Pastor nga ang tagapagdaloy ng mga salita ng Dios, nagsasabi siya ng tama. Sikapin ko na lang raw na matutong magpainom ng mga kambing at magiging maayos ang lahat. Para sa pamilya ko at para na rin sa buong kongregasyon.

Nang magkalaman na ako mula sa pangangayayat, muli akong inimbitahan ng Pastor upang subukang muli ang pagpapainom ng suka. Ako na ang pinakamatanda sa sumunod na dosenang kalahok. At tulad ng una, matapos ang isang panalangin, ipinakita ni Manoy ang tamang paraan ng pagpapainom. Ngunit bago ito, tinawag niya ako, lumuhod at ngumiti sa akin.

"Ganito ang pagpapainom." Tila ipinaparinig niya sa lahat ngunit nakatitig siya sa akin.

Pinili kong tingnan na lamang ang sariling kambing. Nang matapos na ang demonstrasyon, hinawakan ko ang batok ng kambing ko. Halos bumaon na ang mga daliri at kuko ko sa paghawak sa balat at balahibo sa batok. Bago pa man magpumiglas ang kambing, isinalpak ko ang bote sa kanyang bunganga. Diniinan ito hanggang tuloy-tuloy na dumaloy ang likido. At mag-umpisang maglaway nang maglaway ang kambing. At mangisay.

Bago pa man natapos ang araw na iyon, pinuntahan ako nina Pastor at Manoy sa bahay upang personal na ibigay ang mag-asawang kambing na aalagaan at pararamihin. Sinabi rin nilang kalimutan ko na ang mga nangyari at kalilimutan na rin ni Manoy ang naganap dahil ito ang utos ng Dios na nagpakita na sa kanilang mga panaginip nang mga nakaraang gabi. Nagtapos ang araw na iyon na puno ng pagpupugay sa Dios at pagpapatawad. Iniuwi na rin si Mamay at ang mga kapatid ko bago pa tumilaok ang tandang namin kinabukasan.

PAGKATAPOS NG ISANG taon, ang mag-asawang kambing na ibinigay sa akin ay naging lima na. Kinuha ng Pastor ang isang makisig na uri para sa pagpaparami. Ang isa naman ay kinuha para ibenta at hatiin. Isang bahagi sa Pastor at isa sa amin. Ang natirang tatlo ay naiwan para paramihin ulit. Ipinipila ang mga inahing kambing para malahian ng dalawang kambing na dinala nila sa isla. Bihira raw magkasakit ang mga anak nito. Mahabang panahon ang gumulong para lamang sa pagpaparami at pagpapalahi ng mga kambing. Ang dalawang mukha ng kabuhayan ay natuon na lamang sa isa. Kaya maraming mga bangka ang

ipinagbili na lamang. Hanggang sa dumami nang dumami ang kambing. Ipinalaganap din ng Pastor ang pananampalataya namin na umabot pati sa pinakatatagong isla ng Camarines Sur. Hanggang sa may mga bagong pamilya mula Dinagat ang dumating, nanirahan sa isla at nakatulong namin sa pagpaparami ng kambing. Dumami ang kambing kaya't ilan sa mga ito ay ibinigay sa mga nakatira sa ibang isla na nangangalaga ng ibang mga hayop. Kaya't ang mga magkakadikit-sikong barangay sa bahaging ito ng Maqueda ay nakilala sa pagpapastol ng mga kambing. Nagsimula nang dayuhin ito ng mga negosyante mula sa iba't ibang panig ng Bikol. Sa maraming pagkakataon, pera ang tinatanggap na bayad. Kaya't nakapagpatayo ng bahay na may dalawang palapag ang Pastor, bago nagkaroon ng malaking kapilya kung saan ginaganap ang pulong at pagpupugay sa Dios. Ilang taon pa'y nagkaroon ng sariling bahay si Manoy na sa gabi'y puntahan ng kanyang mga kasintahan. At katayan ng mga kambing sa umaga. May pagkakataong palitan ng baboy at kambing ang usapan. Mga pabo sa kambing. O kambing sa ibang lahi ng kambing. Kasunod nito ang pagbisita ng mga militar.

Bilang isla ng mga kambing, napasama ang Katanhawan sa ruta ng mga militar upang mapuksa ang mga rebeldeng palipat-lipat ng mga pinagkukutaan. Laging may isang gabi ng huntahan at inuman na kadalasang natatapos sa pag-uwi ng mga natipuhang kambing ng mga militar. Sa mga sumunod na pagbisita, parami nang paraming kambing ang mga dinadala ng mga de-karbin na bisita. Minsan, kahit mga kambing na katutubo pa lamang ng sungay ay kinukuha na nila.

Sa panahon ding ito, natuto akong magluto ng iba't ibang putahe ng kambing. Inaral bilang kahingian ng kongregasyon. Tuwing kaarawan ng Pastor at ni Manoy, isa ako sa mga kusinero na abala sa paghahanda ng papaitan at kaldereta. Kung napakabagal kong matuto sa pagpapainom, kabaliktaran sa pagluluto. Marahil, ang mga kamay ko ay nilikha ng Mahal na Dios para sa paghahanda ng pagkain.

Taon-taon, sa mga pagdiriwang na ito, nauuwi ang lahat sa maagang pagtulog ng karamihan. Isa ako sa mga naiiwan upang maghugas ng mga pinagkainan. Palagi kong dinaratnan ang ama kong hawak ang isang bote ng marka demonyo pagkauwi ko sa bahay. Madaling-araw nang nakababalik ang aking ina at mga kapatid kong babaeng napagal sa mga pagluhod at pagsamba sa madaling-araw. Isang dekada ang itinagal ng taon-taong pagdiriwang hanggang sa mag-asawa na ako't bumukod na rin. Ang isa sa mga kapatid ko ay napangasawa naman ni Orteng. Mga

bagong pamilya kaming nag-alaga ng mga kambing upang paramihin. Ngunit nagpatuloy sa paglilingkod sa Pastor at kay Manoy.

Hanggang isang rebelde ang mapapadpad sa aming isla. Sa una ay hindi pa nakilala ang kanyang pagkatao kaya't ginamot siya ng mga babae. Isa raw siyang estudyante sa kolehiyo. Sa maikling pamamalagi niya sa isla bago isinuplong ng pastor sa mga militar, tinuruan niya kami ng pagkapon sa kambing at iba pang hayop na inakala naming walang mga bayag. May isinisigaw pa sana ang rebelde noon habang kinakaladkad ng mga militar ngunit tuluyan nang isinara ang pakikinig ng kongregasyon. Bilang kabayaran, nakatanggap ang kongregasyon ng mga pistola at karbin na ginamit na armas ng mga soldados. Isa ako sa labindalawang tanod na bumuo nito.

Isang salot din ang dumating sa isla na nag-umpisang lumipol sa populasyon ng mga kambing. Sa una ay bubula lamang ang bibig ng hayop. Pagkatapos ng dalawa hanggang tatlong araw ay magtatae. May mga kambing na nagpapakita ng kawalan ng gana sa pagkain. May mga kambing na maayos naman ang pagkain at kakaunti ang mapapansing sintomas. Ngunit napakarami sa mga kambing na ito ang bangkay na bago pa umabot ng isang linggo mula nang magpakita ng mga sintomas.

Ilang kambing na lamang ang itinira nito. Sinasabing ito ang nagpahina ng kalusugan ng Pastor kaya't ilang buwan mula nang mag-umpisa ang pamemeste, namatay ang Pastor isang gabing bago ang buwan at tila nagsisimula na namang mamudmod ng mga isda ang dagat.

Itinalaga si Manoy bilang Pastor dahil iyon ang habilin ng ama at ng Ama sa Langit na nagpakita raw sa huling panaginip ng amang pastor bago ito umakyat sa langit. Sinubukan ni Manoy na ipagpatuloy ang mga nasimulan ng ama: ang pagturo sa mga batang lalaki ng pagpapainom at pakikipag-usap sa mga kambing, muling pagpaparami ng mga kambing, at ang pagkuha ng kongregasyon ng kanilang bahagi at isa pang bahagi na ipaaalaga sa iba. Ngunit, hindi tulad ng nauna, hindi madaling nakabawi ang mga pastol. Mabagal ang bagong pagpaparami. Sa mga katabing isla, pinili ng mga naninirahan na baka o kalabaw na lamang ang alagaan dahil bukod sa mataas ang presyo tuwing ibinebenta, nakatutulong pa sa gawaing bukid. Dahil nga rito kaya nagpasya ang bagong Pastor na maglibot na sa iba-ibang bahagi ng Bikol. Sa Catanduanes. Sa Lungsod ng Legazpi. Sa Lungsod ng Naga. Isa ako sa labindalawang niyaya upang ibahagi ang salita ng Dios. Una kaming nakipag-usap sa mga matatandang tila wala nang nag-aaruga sa buhay. Sunod naming kinausap ang mga

babaeng ang mga kabiyak ay nagtatrabaho sa ibang bansa o kaya sa malayo. Mga taong nabubuhay sa lungkot. Sa mga pakikipag-usap, si Manoy ang nauuna. Madalas, siya ay isang butihing Pinoy na tumutulong sa pagtawid ng matanda o tagabitbit ng mga ipinamili ng isang ginang hanggang sa sumunod kami sa kanilang bahay. Madalas nagtatapos ang pag-uusap sa pagkatulog ng matanda. Sa mga pagkakataong tipo ni Manoy ang kausap, kinailangan naming hintayin na lamang siya sa mga tinutuluyan namin. Sapat ang biyayang ibinigay ng matatanda at ginang kaya tila nakabawi na naman ang kongregasyon. Kaya lamang ay naging madalas na ang pagbisita ng mga militar na hindi na lamang mga kambing ang pinagkukuha kundi pati na rin ang kanilang bahagi sa donasyon. Dahil ayon sa kanila, nagpakita na rin ang Ama sa Langit sa kanilang mga panaginip. Hindi kami naniwala sa mga pinagkukuwento ng mga militar. Ginusto naming pabulaanan ito ng bagong Pastor ngunit imbes na sabihing nagsisinungaling ang mga militar, sinabi ni Manoy na totoo ang ikinukuwento nilang mga panaginip. Kaya kalahati ng biyaya ay napunta na lamang sa mga militar na palimit nang palimit na ang mga sumunod na dalaw.

Ang mga nakaeskalerang buwan ay palaisipan para sa aming lahat. Madalas na magkulong ang bagong Pastor at inutos na lamang na ang mga panganay na mga anak naming babae ay maglingkod sa simbahan kasama niya. Kung walang anak na babae ay mga asawa namin ang maglilingkod. Humaba ang kanilang mga paglilingkod hanggang sa umuwi ang aming mga asawa at anak na nagduduwal sa madaling-araw. Nagbunga ang kanilang paglilingkod sa Dios. Tulad ng ina ng Dios, ipinagkatiwala sa kanila ang binhi ng Ama sa Langit. Napakasuwerte namin!

Ngunit ilan sa mga soldados ay hindi tinanggap ang pangyayari. Sabi nila'y hindi sa Dios ang mga ipinagbubuntis ng mga babae. Sa lahat ng mga babae, hindi ko inasahan na kapatid ko pa ang magsasabing hinalay sila ng Pastor. Hindi ito tinanggap ni Orteng na nagpasyang patayin si Manoy. Pinilit ko silang pigilan at kausapin. Naamoy ko pa ang buhok ni Orteng na isinubsob ang ulo sa aking dibdib. Hinimas ko ito, bago siya yinakap nang mahigpit. Sinabi kong papatayin silang mag-asawa sampu ng kanilang mga anak dahil ito ang utos ng Ama sa Langit na inilahad sa mga panaginip ni Manoy. Tinulungan ko silang pumuslit upang paghahabulin lamang ng mga soldados at isa-isang paghahambalusin.

Nagpatuloy ang salot at nagpatuloy din ang mandatong paglilingkod ng mga babae sa bahay ng Dios. Ilan pa sa mga soldados ang tumiwalag at nauwi sa pakikipag-usap. Isa rito si Kulaw na pinakamalaki sa lahat

at nagawang sunugin ang isang bahagi ng simbahan. Sinilaban niya ang rebulto ng Pastor, itinangkang barilin si Manoy. Buti na lamang at nahambalos ko si Kulaw nang maaga. Ang utak at bungo ng tao ay tulad lamang ng naghalong utak at bungo ng mga kambing.

Nagpatuloy ang salot hanggang sa muling bumisita ang mga militar upang magtanong tungkol sa isang nakawalang rebelde. Ako ang dinampot sa araw na iyon ayon na rin sa hintuturo ni Manoy. Pagkatapos ng mahabang panahon ay lumuhod ako sa kanyang harap tulad ng dati. Hindi ako ang nawawalang rebelde. Isa akong tagaislang nangingisda at nagpapastol ng mga kambing. Bumalik ako sa labindalawang pagluhod ko kay Manoy. Bumalik ako sa kulungan ng mga kambing. Bumalik ako sa mga kural. Bumalik ako sa burol kung saan namin unang inaral ang tamang pagpapainom. Iyon ang huling araw na nakita ko ang aking asawa at mga kaisla sa loob ng mahabang panahon. Iyon ang huling araw na nakita ko si Manoy.

SA MALAYONG BARYO ng Iwahig ako nanirahan pagkatapos ng mahaba at palipat-lipat na paglilitis. Madali akong tinubuan ng balbas dito, madaling nakagaanan ng loob ang mga kapwa preso. Ang pagkakakilala nila sa akin: isa akong kasapi ng kultong pumapatay sa mga tumutuligsa sa aming kongregasyon. Ako ang pumatay sa mga walang labang mga kasapi na piniling tumiwalag. Ako ang pumatay sa mga matatanda at ginang na karamihan ay ginahasa at natagpuang walang buhay sa loob ng kanilang pamamamahay. Pinatunayan ito ng mga saksi mula sa hanay ng mga militar. Pinatunayan ito ng mga nakakikilala sa akin. Pinatunayan ito mismo ng aking asawa.

Tatlong taon ang inabot bago ako nakagawa ng lubid na pagsasabitan ng sariling leeg ngunit inantala ito ng pagdating ng isang dating heneral na nagpalakad ng buong Iwahig. Nagugustuhan niya ang mga luto ko dahil nga nilikha ng Dios ang mga kamay ko para sa paghahanda ng mga pagkain mula sa katawan ng kambing. Tila ipinanganak siya upang namnamin ang aking papaitan at kaldereta. Sa mga pagdiriwang sa kolonya, hindi ako preso kundi isang kusinero ng putaheng kambing. Lalo pang nasemento ang reputasyon ko sa kanya nang mapansin ang pag-aalaga ko ng mga hayop na ayon nga sa kanya ay parang mga sariling anak ko kung alagaan. Iyon ang simula ng pagkalider ko sa brigada. Ang aking pagiging alagad ng heneral. Hanggang ang mga buhay sa kulungan ay hawak ko na sa leeg. Ang matitipuhan kong presong pinasisipol ay

mapasisipol. Ang matitipuhan kong mga dalaw ay manunuluyan sa aking kubol kapalit ng ligtas na pananatili ng kanyang binibisita.

Tinuruan ko ang kapwa preso ng tamang pakikipag-usap sa kambing. Ang proseso ng paghimas at pagdulas ng mga kamay sa mga bahagi ng katawang ikatitinag ng pagkakatayo nito upang ganap na isuko ang sarili. At uminom ng sukang kanilang ikamamatay. Dumami ang mga kambing at iba pang alagang hayop. Sumigla ang kolonya at lalong nakilala ang dating heneral na laging bumabasbas sa akin na tila isa niya akong apostol. Nag-imbita ng mga misyonero ang heneral. Sila ang nagturo sa amin ng iba-ibang bagay mula pagbabasa hanggang sa pagtuturo ng salita ng Dios na matagal ko nang nasaulo. Marami pa ang sumunod na mga pagkatuto at pagluluto ng papaitan. Hanggang magkasakit ang heneral sa atay na ikinaratay nito nang ilang buwan bago ito mamaalam.

MAS MALAGO NA ang balbas ko sa dalawang kambing na ibinigay sa akin ng kolonya nang dumating ang sulat. Nagbilin na lamang silang ipagpalit ko ang isa rito ng babae sa madadaang pastol sakaling makauwi na ako. Isa ako sa napiling maging parolado. Sa totoo, hindi ko na hinangad na lisanin pa ang kolonya. Apat na dekada na mula nang umalis ako sa Katanhawan. Dalawang dekada mula nang huling balita ko sa lugar. Isang bodyguard na Bikolano ang napunta rin sa Iwahig ang naghatid sa akin ng huling impormasyon. Isa siya sa mga unang nagtangkang pumuga at isa sa mga unang sinunog namin sa loob ng kolonya bilang parusa. Wala na halos akong dahilan upang umalis pa. Maliban na lamang sa ideya ng muling pakikipag-usap kay Manoy. Sa mga huling pagtatanong-tanong, wala nang makapagsabi kung nasaan na siya. Pagkamatay ng mga magulang ko dahil sa tuberkulosis at tipus ang mga balitang nasagap ko mula sa bibig ng guwardiyang Bikolano, lumipat na raw sa ibang probinsiya ang mga kapatid ko. Ang mga kapatid kong babae ay nakapag-asawa at kakaunti na lang daw ang natirang residente sa isla.

Nang makabalik nga ako ng isla, hinarap ko ang mga katotohanang una ko nang nalaman sa kolonya. Bagama't kabisado ko pa ang bawat hilatsa at bawat uka ng isla, iba na ang nakatayong mga bahay. Ang simbahan na lamang ng kongregasyon ang naiwan ngunit wala nang nakasabit na pangalan. Tanging mga kambing na lamang ang gumagala sa loob nito. Tila kasingdami noong bago dumating ang unang Pastor dito. Nagtanong-tanong ako sa mga pumirmi sa isla tungkol kay Manoy. Lumipat daw ito ng Maynila kasama ang ilang tagasunod nang limang

pares na lamang ng kambing ang nabuhay pagkatapos ng pamemeste. Nagtayo rin daw doon ng kongregasyon na agad ding nabuwag dahil sa patuloy na paghingi ng mga paglilingkod ni Manoy. Tumiwalag ang ibang miyembro na gumawa rin ng mga panibagong samahan.

Ang huli raw nilang balita ay naging paralisado na ito matapos bundulin ng isang pastor na mula sa ibang kongregasyon na nakasagutan sa isang pagtitipon. May nagsabi naman na isa sa mga asawa ni Manoy ang naghambalos sa kanyang likod na ikinaparalisa niya. Walang kongkretong kuwento ngunit lahat ng mga ito ay nagsasabing isa nang paralitiko si Manoy. Gusto ko pa siyang makitang malakas, maskulado, at makinis ang mukha tulad nang huli ko siyang nakita ngunit tila lumabo na ang posibilidad na ito. Ginising ako ng napakaraming pagkalunod sa mga sumunod na panaginip buhat nang dumating ako sa isla. Palaging nasa gitna ako ng paghahabol ng mga kambing. Minsan ay sila ang hinahabol ko. Minsan naman ay ako ang kanilang hinahabol. Lahat nagtatapos sa biglaan kong pagkagising pagkatapos ng paghambalos sa ulo ng kambing o ng sarili kong ulo sa loob ng panaginip. Lumalabas ako ng itinayong kubo upang manigarilyo. Maririndi sa ingay ng mga kambing sa disoras ng gabi. Sa dilim, hahablot ako ng isa sa mga kambing na makintab ang balahibo, malalaki ang biyas, at makakapal ang balbas. Tinatalian ko ito at bubusalan at dadalhin sa burol kung saan kami nagpainom sa mga unang kambing. Dahan-dahan kong tinatanggal ang kanyang busal hanggang sa ibuka niya ang bibig at ipakita ang mga ngipin. Tila naghahanap ng mahihigop na hangin.

Sa puntong itong dapat ay paiinumin na ang kambing ng isang bote ng suka, inuundayan ko ito ng saksak sa iba't ibang bahagi ng katawan. Kung hindi naman ay ginigilitan ng leeg. Hanggang sa mawala ang lakas nito sa pagpiglas. Hanggang sa ibuka ko na ang mga inipit kong mga hita rito. Upang bigyan ang hayop ng pagkakataong makatakbo at makalayo. Na kadalasan ay nagtatapos sa paghambalos ko ng kanyang bungo. Nagpatuloy ang pagpatay ko ng mga kambing. Una ay mula sa mga pagnanakaw tulad sa unang gabi. Pagtagal ay mula na rin sa mga sarili ko nang mga alagang kambing na pinarami mula nang dumating ako sa isla. Pagkaligpit ko ng mga pinagkatayan, umuuwi ako sa kubo upang magpahinga. Dito na nawawala ang mukha ni Manoy. Dito na ako linulubayan ng mga lumang ligalig. Dito na ako nakararamdam ng katahimikan.